



Handa para sa Pagreretiro

www.ssa.gov



Fact Sheet para sa mga Manggagawang 18-48 Taong Gulang

Ang pagreretiro ay iba-iba para sa bawat tao

Hindi pare-pareho para sa lahat ang pagreretiro. Dahil ang Social Security ay higit pa sa mga benepisyo sa pagreretiro, gusto naming ibigay sa iyo ang impormasyong kailangan mo para magplano at gumawa ng mga pinag-isipang desisyon tungkol sa iyong pagreretiro sa hinaharap.

Mahalaga ang mga kita

Malamang na nagbabayad ka ng buwis sa Social Security at Medicare (kilala rin bilang mga buwis sa FICA, o buwis sa SECA kung ikaw ay self-employed) mula noong nagsimula kang magtrabaho. Matuto pa tungkol sa mga buwis na ito sa www.ssa.gov/people/materials/pdfs/EN-05-10297.pdf (sa English lang). Naglalaman ang iyong Social Security Statement ng impormasyon tungkol sa talaan ng iyong mga kita at sa mga buwis sa Social Security at Medicare na iyong binayaran, at nagbibigay ng mga pagtatantya para sa mga benepisyo sa pagreretiro sa hinaharap, benepisyo para sa kapansanan, at mga nakaligtas. Gamitin ang iyong Statement para tingnan ang iyong mga kita bawat taon. Ginagamit ang mga kita na ito upang matukoy ang pagiging kwalipikado mo para sa mga benepisyo sa Social Security at ang halaga ng iyong benepisyo. Kung makakita ka ng error sa rekord ng iyong mga kita, iulat ito sa amin. Alamin kung paano sa www.ssa.gov/pubs/EN-05-10081.pdf (sa English lang).

Pag-unawa sa iyong mga benepisyo sa pagreretiro

Hindi layunin ng Social Security na maging ang tanging mapagkukunan mo ng kita sa pagreretiro. Sa average, papalitan ng Social Security ang humigit-kumulang 40% ng iyong taunang kita bago magretiro, bagama't maaaring mag-iba ito batay sa iyong mga kalagayan. Ang edad para sa iyong ganap na pagreretiro ay 67. Bumababa ang porsiyentong ito kapag sinimulan ang mga benepisyo sa pagreretiro bago sumapit ang edad ng iyong ganap na pagreretiro (mula pa sa edad na 62) at tumataas naman ito kapag sinimulan ang mga benepisyo pagkatapos maabot ang edad ng iyong ganap na pagreretiro (hanggang sa edad na 70). Matuto pa as www.ssa.gov/pubs/EN-05-10035.pdf (sa English lang).

Mag-ipon para sa pagreretiro

Bukod pa sa Social Security, malamang na kakailanganin mo ng iba pang ipon, puhunan, pensyon, o retirement account para mamuhay nang komportable sa pagreretiro. Dahil maaaring umabot nang 20 taon o higit pa ang iyong pagreretiro, mahalagang simulan ang iyong pinansyal na pagpapalano sa lalong madaling panahon.

- Kung mayroon kang plano sa pagreretiro sa lugar ng trabaho, tiyaking alam mo kung ano ang proseso nito para lubos na masulit mo ito. Maaaring itugma ng iyong employer ang ilan o ang lahat ng iyong kontribusyon sa plano. Kung hindi nag-aalok ng plano ang iyong employer, may iba pang paraan para makapag-ipon at mamuhunan nang mag-isa. Matuto pa tungkol sa kung paano mag-ipon sa www.savingmatters.dol.gov/employees.htm (sa English lang).
- Kung mas maaga kang magsimulang mag-ipon, magkakaroon ka ng mas mahabang panahon para buuin ang iyong kita sa pagreretiro. Para sa karagdagang impormasyon sa pamumuhunan at pag-iipon, tingnan ang www.investor.gov (sa English lang).



- Anumang halaga na maaari mong maipon ay lalaki sa paglipas ng panahon. Mahahanap mo ang savings calculator sa www.investor.gov/financial-tools-calculators/calculators/compound-interest-calculator (sa English lang).

Nariyan ang Social Security kapag nagretiro ka na

Ang mga binabayaran mong buwis sa Social Security ay napupunta sa Social Security Trust Funds na ginagamit para bayaran ang mga benepisyo sa mga kasalukuyang benepisyaryo. Tinatantya ng Social Security Board of Trustees, na batay sa kasalukuyang batas, mababayaran ng Trust Funds ang mga benepisyo nang buo at sa tamang oras hanggang 2034. Sa 2034, makakapagbayad pa rin ang Social Security ng humigit-kumulang \$810 para sa bawat \$1,000 sa mga nakaiskedyul na benepisyo. Matuto pa sa www.ssa.gov/people/materials/pdfs/EN-05-10229.pdf (sa English lang).

Matatanggap ang mga benepisyo hangga't buhay ka

Matatanggap mo ang iyong mga benepisyo sa Social Security hangga't buhay ka. Makakapagbigay ang aming Life Expectancy Calculator ng pagtatantya kung gaano katagal ka mabubuhay batay sa iyong edad at kasarian: www.ssa.gov/OACT/population/longevity.html (sa English lang).

Hindi makakapagtrabaho dahil may kapansanan sa pag-iisip o pisikal na kapansanan

Maaaring magkaroon ng kapansanan sa kahit anong edad. Kung hindi ka makakapagtrabaho sa partikular na antas ng kita dahil sa kapansanan sa pag-iisip o pisikal, at natutugunan mo ang ilang kinakailangan sa pagiging kwalipikado, ikaw at ang iyong pamilya ay maaaring makatanggap ng mga benepisyo sa kapansanan ng Social Security. Matuto pa tungkol sa mga benepisyo para sa kapansanan sa www.ssa.gov/disability (sa English lang). Ang programang Supplemental Security Income (SSI) ay nagbabayad ng mga benepisyo sa mga nasa hustong gulang at batang may mga kapansanan na may limitadong kita at mapagkukunan. Matuto pa tungkol sa SSI sa www.ssa.gov/ssi (sa English lang).

Mga benepisyo para sa mga miyembro ng pamilya

Narito para sa iyo ang Social Security bago mo pa maabot ang iyong mga taon ng pagreretiro. Ang mga bata, balo, at biyudo ay maaaring makatanggap ng mga benepisyo para sa mga nakaligtas upang matulungan silang makayanan ang pinansyal na kawalan kung ikaw ay mamatay. Matuto pa sa www.ssa.gov/pubs/EN-05-10084.pdf (sa English lang).

Narito kami para sa iyo

Saklaw ng Social Security ang humigit-kumulang 96% ng manggagawang Amerikano. Para matuto pa tungkol sa Social Security, bisitahin ang www.ssa.gov (sa English at Spanish lang).



Securing today
and tomorrow

Magkasama sa buong buhay

Tandaan, ang Social Security ay kasama mo sa buong buhay mo. Higit pang impormasyon ay makikita sa www.ssa.gov/people/materials/pdfs/EN-05-10233.pdf. (magagamit lamang sa wikang Ingles).